

PARA SA AGARANG PAGLABAS

**Tayong lahat ay may ginagampanang papel sa pagiging handa
Kinikilala ng Lungsod ng Brampton ang Linggo sa Pagiging Handa sa Emergency
Mayo 3-9, 2020**

BRAMPTON, ON (Mayo 4, 2020) – Mula Mayo 3 hanggang 9, kinikilala ng Lungsod ang Emergency Preparedness Week (EPW) o Linggo ng Pagiging Handa sa Emergency. Sa taon na ito, kaugnay ng COVID-19 pandemic, pinapalalaganan ng Lungsod ang mga residente na mahalaga, higit pa magpakailanman, na tayong lahat ay gaganap ng papel sa pagiging ligtas at handa.

Nakakatulong ang mga residente sa pagprotekta sa kanilang mga sarili at komunidad laban sa pagkalat ng COVID-19 sa pamamagitan ng pananatiling may-alam, pagpapatuloy sa paglayo mula sa iba at pagsunod sa payo ng Peel Public Health. Hinihikayat ng Lungsod ang mga residente na ipagpatuloy ang mga pagsisikap na ito para mapanatiling ligtas ang Brampton.

Nagpapasalamat din ang Lungsod sa Emergency Management team nito at sa mga partner sa komunidad na isinasagawa ang kanilang pagpapalano sa panahong ito at patuloy na nagtutulungan para protektahan ang kaligtasan ng ating komunidad sa panahon ng COVID-19 emergency.

Bawat taon, ang EPW ay isang panahon para paalalahanan ang mga residente na rebyuhin ang [Gabay sa Pagiging Handa sa Emergency sa Brampton](#) at para maging handa sa posibleng mga emergency sa lahat ng uri, kabilang ang matinding lamig/init, pagbaha, at pagkawala ng kuryente, Para malaman ang higit pa, bisitahin ang www.brampton.ca/prepared.

Mga Quote

“Ang buong team sa Lungsod ay walang pagod na nagtatrabaho, kasama ang ating mga partner, para matiyak ang kalusugan at kaligtasan ng ating komunidad habang tumutugon tayo sa COVID-19. Ang pagpapanatili sa lahat na may alam at pagtiyak na coordinated ang mga tugon ay hindi maliit na tagumpay. Gusto kong parangalan ang ating Brampton Emergency Management Office at ang Emergency Management staff sa Rehiyon ng Peel para sa kanilang mga pagsisikap sa pagtiyak na tayong lahat ay nagtutulungan sa paglaban sa pagkalat ng COVID-19.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Tayong lahat ay may papel na ginagampanan sa pagtugon sa COVID-19. Salamat sa ating mga residente, na kanilang ginagampanan ang kanilang kritikal na parte na panatilihin ligtas ang ating komunidad sa pamamagitan ng paglayo mula sa iba at pagtulong na mahinto ang pagkalat ng virus.”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Chair, Komite sa mga Serbisyo sa Komunidad, Lungsod ng Brampton*

“Ang maayos at tuloy-tuloy na tugon ng Lungsod sa COVID-19 ay bunga ng paghahanda at praktis sa bahagi ng ating staff, kasama ng ating mga partner. Mula sa mga emergency exercise hanggang sa

nagpapatuloy na paghahanda at mga gawain ng edukasyon, tinitiyak ng ating Brampton Emergency Management Office na nakahanda ang lahat ng parte para tumugon sa anumang mga emergency sa ating komunidad.”

- *Jeff Bowman, Konsehal ng Lungsod, Wards 3 at 4; Miyembro, Komite ng Programa sa Emergency Management sa Brampton, Lungsod ng Brampton*

“Itong Linggo sa Pagiging Handa sa Emergency ay hindi katulad ng iba dahil ang ating team ay tumutugon sa mga realidad ng COVID-19 pandemic. Salamat sa walang hanggang pagpapalano at coordinated na mga pagsisikap ng ating Emergency Management team, pati na rin sa commitment ng ating mga residente at mga negosyo na makipagtulungan sa atin para labanan ang virus na ito, hinihintay natin ang kinabukasan at ang pagpapalano para sa muling pagbubukas kalaunan ng Lungsod. Hinihiling natin sa lahat na manatiling handa at magpapatuloy sa pagsunod sa payo ng mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan at emergency para matiyak ang kaligtasan at muling pagbangon ng ating komunidad.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunidad
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca